# Mga emergency sa ngipin

*Ipinapaliwanag ng fact sheet na ito kung ano ang gagawin kapag may nangyaring emergency sa ngipin.*

*Kasama sa mga emergency sa ngipin ang:*

- *Sakit ng ngipin*
- *Mga tapyas, bali at bitak*
- *Mga nana (abscess) at pamamaga*
- *Sakit sa panga*
- *Isang natanggal na ngipin*
- *Mga nakagat na labi o pisngi*
- *Nasaktan ang malambot na laman at nagdurugo*

**Sakit ng ngipin**

- Magmumog muna ng maligamgam na tubig upang alisin ang mga dumi.
- Kung may pamamaga, maglagay ng malamig na compress sa labas ng pisngi (huwag gumamit ng mainit).
- Uminom ng paracetamol sa halip na aspirin, dahil ang aspirin ay nagpapanipis ng dugo.
- Huwag maglagay ng aspirin sa gilagid o sumasakit na ngipin. Nagdudulot ito ng pagkasunog ng malambot na laman.
- Magpagamot sa dentista sa lalong madaling panahon.

**Natanggal na ngipin**

Kung natanggal ang isang permanenteng ngipin, maaari itong mailigtas ngunit kailangan ng agarang aksyon.
Sundin ang mga hakbang na ito:

- Manatiling kalmado at hanapin ang ngipin.
- Hawakan lamang ang tuktok ng ngipin (ang korona). Huwag hawakan ang ngipin sa mga ugat nito.
- Huwag kiskisan, pahiran o tanggalin ang anumang mga bahagi ng laman sa ngipin.
- Siguraduhing malinis ang ngipin. Kung ang ngipin ay marumi, banlawan ito sa gatas o saglit lamang sa tubig. Bilang kahalili, ang may-ari ay maaaring sipsipin ang ngipin bagaman hindi ito inirerekomenda sa mga bata o matatanda na walang malay, nasa pagkabigla o hindi ganap na kalmado at pumapayag.
- Kaagad na muling itanim ang ngipin sa pinanggalingan (socket) at hawakang nakalagay ang ngipin.
- Kung hindi mo kayang itanim muli ang ngipin, panatilihin itong basa sa pamamagitan ng paglubog nito sa gatas (hindi tubig), selyuhan ito ng plastic wrap, o sa paglalagay nito sa loob ng bunganga ng may-ari na katabi ng pisngi (kung kaya ng may-ari).

- Huwag hayaang matuyo ang ngipin.
- Humingi ng agarang pagpagamot sa ngipin (kritikal ang oras).

Kung ang ngipin ng sanggol ay natanggal, huwag subukang palitan ito. Ang muling pagtatanim ng natanggal na ngipin ng sanggol ay maaaring magdulot ng pinsala sa nabubuong ngipin ng nasa hustong gulang. Humingi ng agarang paggamot sa ngipin upang ang anumang pagkapinsala sa mga labi at gilagid at nauugnay na pananakit ay mapangasiwaan.

**Mga tapyas, bali at bitak**

Kung ang isang ngipin ay natapyas, nabali o nabasag, humingi ng paggamot sa ngipin sa lalong madaling panahon.

Kung ang tapyas o bali ay kunti lamang at hindi nasaktan ang malambot na laman at walang sakit, huwag masindak. Magpagamot ng ngipin. Kung ang pinsala sa ngipin ay mas malawak, hanapin ang anumang palatandaan ng 'pink' dahil ito ay nagpapahiwatig na ang ugat ay nakalantad. Kung nalantad ang ugat, humingi ng agarang pagpapagamot sa ngipin. Ang pagkaantala sa pagpapagamot ay maaaring maging dahilan na hindi mailigtas ang ngipin.

**Nakagat na labi o pisngi**

Maaaring makagat ang labi o pisngi habang kumakain, bilang resulta ng pagkahulog o pagkatapos ng lokal na anaesthetic. Kung ang isang namamanhid na labi o pisngi ay sinipsip, nakagat o kinuskos, maaari itong masira nang hindi namamalayan ng pasyente. Ang nasaktang lugar ay kadalasan na parang isang nasunog ng kemikal at maaaring ma-diagnose na ganoon. Kapag bumalik ang pakiramdam sa bahaging iyon, maaaring malala ang kirot nito. Maaari ring mangyari ang pamamaga at impeksyon. Tratuhin ang nakagat na labi o pisngi ng mainit-init, tubig-alat na mga pagmumumog upang mapabilis ang pagpapagaling (ihalo ang kalahating kutsarita ng asin sa isang tasa ng maligamgam na tubig). Humingi ng pagpapagamot mula sa isang dentista kung may impeksyon.

**Mga abscess (nana) at pamamaga**

Ang mga dental abscess ay mga pamamaga na puno ng nana na dulot ng impeksyon sa loob ng ngipin, impeksyon sa gilagid (karaniwan sa periodontitis) at/o pinsala sa ngipin. Ang mga abscess ay kadalasang masakit, ngunit hindi ito palagi. Ang mga abscess ng ngipin ay maaaring magdulot ng pamamaga ng mukha at/o paglaki ng lymph glands. Sa mga bihirang kaso, ang mga abscess sa ngipin ay maaaring magdulot ng mas malawak na impeksiyon at maaaring nakakamatay. Para sa mga abscess ng ngipin:

- Kontrolin ang katamtamang pananakit gamit ang over-the-counter na gamot nalaban sa kirot. Inumin ito sa karaniwang paraan at huwag ilagay ang gamot sa mismong abscess.
- Gumamit ng cold compress (malamig na bimpo) upang tulungang makontrol ang pamamaga.
- Ang isang dentista o doktor ay maaaring magreseta ng antibiotiko upang mabawasan ang impeksiyon, gayunpaman, hindi aalisin ng mga antibiotiko ang pinagmulan ng impeksiyon.
- Humingi ng agarang pagpapagamot sa ngipin. Ang isang abscess ay hindi basta gagaling, at ang mga antibiotiko ay hindi makakapagpagaling sa problema.

- Ang agarang pagpapagamot ng isang dentista o doktor ay kinakailangan sa pamamaga ng mukha.

**Ang pagkapinsala ng malambot na laman (soft tissue trauma) at pagdurugo**

Ang pagkapinsala at pagdurugo sa labi, pisngi o gilagid ay dapat matrato nang katulad ng mga sumusunod:

- Lagyan ng malinis na badage o nakatuping panyo ang sugat at idiin nang mahigpit.
- Umupo at panatilihin ang pagdiin nang hindi bababa sa sampung minuto. Huwag humiga ng patag.
- Kung hindi makontrol ang pagdurugo, humingi ng agarang medikal na atensyon.
- Maglagay ng cold compress (malamig na bimpo) upang mabawasan ang pamamaga at kirot.
- Humingi ng payo sa dentista o doktor.
- Gumamit ng maligamgam at maalat na mga pagmumumog hanggang gumaling ang sugat upang mabawasan ang panganib ng impeksyon (ihalo ang kalahating kutsarita ng asin sa isang tasa ng maligamgam na tubig).

**Kirot sa panga**

Kung nahihirapan kang kumain o magbuka ng iyong bibig dahil sa pananakit ng panga, o nakakaranas ng pananakit ng panga sa paggising, humingi ng pagpapagamot sa doktor o dentista. Mahalaga para sa isang dentista o doktor na masuri ang pinagmulan sa pananakit ng panga.

Upang mapagaan ang pananakit ng panga sa pinakamadaling panahon, mag-aplay ng cold compress (malamig na bimpo) o uminom ng panlaban sa pamamaga (anti-inflammatory) na gamot.

**Para sa karagdagang impormasyon**

- Makipag-ugnayan sa iyong dentista
- Bisitahin ang www.health.qld.gov.au/oralhealth
- Tumawag sa 13 HEALTH (13 43 25 84) para sa kompidensyal na payong pangkalusugan 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo
- Mag-email sa oral_health@health.qld.gov.au

© The State of Queensland, Queensland Health, 2024.